Filipino

# Sama-samang manindigan laban sa pagkamuhi sa Aotearoa

Kung nagsususpetsa ka na ikaw, ang isang taong kilala mo, o ang isang grupo ay tinatarget dahil sa kanilang lahi, relihiyon, identidad ng kasarian, oryentasyong sekswal, edad, kapansanan, o anumang iba pang bahagi ng kanilang identidad, mahalagang isumbong ito.

## Suporta

Tiyaking ikaw at sinumang iba pang naapektuhang mga tao ay nasa isang ligtas na lugar, na malayo sa taong namumuhi. Kung ikaw ay saksi, linawin sa (mga) taong naapektuhan na siya ay hindi nag-iisa at ikaw ay naroon upang suportahan siya.

## I-rekord ito

Kung maaaring gawin ito nang ligtas, maaari kang: mag-rekord ng video o kunan ng litrato ang insidente, i-preserba ng anumang pisikal na ebidensya, isulat ang oras, lokasyon, at kasangkot na mga tao (o paglalarawan ng mga tao).

## Isumbong ito

Maaari kang direktang magsumbong sa isang ahensya o magsabi sa pinakamalapit na taong may awtoridad o isang taong responsable. Maaari ka ring magsabi sa isang taong iyong pinagkakatiwalaan na makakasuporta at tutulong sa iyo na isumbong ang insidente.

Tumawag sa 111 kung nasa panganib ang isang tao.



Scan the QR code for reporting and support options

New Zealand Police – Ngā Pirihimana o Aotearoa | Crime Stoppers – Aukati Takahi Ture | netsafe – netsafe.org.nz | certnz | Te Kāhui Tika Tangata Human Rights Commission | Te Tari Taiwhenua Internal Affairs | Manaaki Tāngata Victim Support